Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-69 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG NOBYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 340-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – KGG. ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD, AT ANG LAHAT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD – KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KAY KGG. DIONISIO C. MENDOZA SA KANYANG PAGTATAPOS NG TATLONG TERMINONG PAGLILINGKURAN BILANG PUNONG BARANGAY SA BARANGAY BUNGAHAN, LUNGSOD NG MALOLOS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** ang Punong Barangay ang nagsisilbi bilang pangunahing lider na gumaganap sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga patakaran, programa, proyekto at gawain pambarangay para sa kanyang nasasakupan;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Dionisio C. Mendoza ay pinagkatiwalaan at nanungkulan bilang Punong Barangay ng tatlong termino, simula 2010 hanggang 2023 sa Barangay ng Bungahan;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Dionisio C. Mendoza ay nanungkulan din bilang Pangulo ng Liga ng mga Barangay sa Lungsod ng Malolos, sa parehong taon nang kanyang panunungkulan bilang Punong Barangay;

**SAPAGKAT,** siya ay nabigyan din ng pagkakataong manilbihan bilang Pangalawang Pangulo ng Liga ng mga Barangay sa buong Bulacan, taong 2018 hanggang 2023;

**SAPAGKAT,** sa mahabang panahon ng kanyang panunungkulan, siya ay naging katuwang ng Pamahalaang Lokal upang maitaas ang antas ng pamamahala at serbisyo publiko;

**SAPAGKAT,** si Kgg. Dionisio C. Mendoza ay naghain ng kanyang panahon at kakayahan ng walang hinihintay na kapalit, matugunan lamang ang kanyang pinaglilingkuran at masiguro na nasa mabuting kalagayan at tungo sa pagpapaunlad ang bawat isa;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan nito, naipakita ang kanyang husay at dedikasyon sa pagseserbisyo bilang isang Punong Barangay na naging daan upang pagkalooban siya ng buong tiwala ng kanyang nasasakupan;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

-----------------------------------x

**SAPAGKAT**, nararapat lamang na bigyan ng pagkilala ang mabuti at mapagkalingang lider sa kanyang paglilingkuran, kaya

**DAHIL DITO**, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Victorino M. Aldaba III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay:

**IPINASYA**, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na nagpapahayag ng taos-pusong pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod – Kgg. Abgdo. Christian D. Natividad, at ang lahat ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod – Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, kay Kgg. Dionisio C. Mendoza sa kanyang pagtatapos ng tatlong terminong paglilingkuran bilang Punong Barangay sa Barangay Bungahan, Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11202023